LOS ANGELES COUNTY
DEPARTMENT OF
MENTAL HEALTH
hope. recovery. wellbeing.

CARE Court – Isang Bagong Tagatulong sa Kalusugan ng Isip:
Pagtataguyod ng Paggaling at Pagkakaroon ng Kapangyarihan

Isinapanahon: 11.16.2023

Ano ang CARE Court

Ang mga tao sa ating komunidad ay nakakaranas ng matinding sakit sa isip at maaaring hindi tumatanggap ng regular na tulong, madalas na nagreresulta sa pagkawala ng tirahan at paggamit ng substance. Ang kanilang mga mahal sa buhay at ibang mga tagabigay ng pangangalaga ay madalas na nahihirapang makahanap ng suporta at tulong na nakakapagligtas ng buhay.

Ang County ng Los Angeles ay naglulunsad ng isang bago, pinopondohan-ng-estado na programa na tinatawag na **Community Assistance, Recovery, and Empowerment (CARE) Court**, na tumutulong sa mga taong may matitindi, hindi ginagamot na mga problema sa kalusugan ng isip, tulad ng schizophrenia, upang makatanggap ng paggamot at mga serbisyo para sa kanilang kalusugan at kagalingan. Ang mga kalahok ay makakatanggap ng maraming uri ng suporta, na maaaring kabilang ang pagpapayo, gamot, pabahay, mga serbisyong panlipunan, at iba pa. Sa halip na dalhin sa mga kulungan at silid ng emerhensiya, ang CARE Court ay nagbibigay sa mga taong madaling maapektuhan at sa mga nangangalaga sa kanila ng isa pang landas upang magamit ang mga pangunahing serbisyo na nakakatulong sa kanila na manatiling ligtas. Ang mga miyembro ng pamilya, roommate, clinician, at iba pa ay maaaring magpetisyon sa korte upang humingi ng pag-aproba para sa programang ito.

Ikinatutuwa ng Los Angeles County Department of Mental Health (LACDMH) na ialay ang CARE Court bilang bahagi ng pinaraming bilang ng mga programa upang magkaloob ng tulong sa kalusugan ng isip para sa mga nangangailangan nito.

Anu-anong mga Serbisyo ang Ipinagkakaloob ng CARE?

Ang isang pangkat ng mga eksperto, kabilang ang mga doktor, tagapayo, tagapamahala ng kaso, mga taong may kaalaman o karanasan, at iba pa, ay nagtatrabahong kasama ng bawat kalahok upang lumikha ng isang plano sa CARE —isang ibinabagay na planong paggamot na nakakatugon sa kanilang mga ispesipikong pangangailangan. Ang plano sa CARE ay maaaring kinabibilangan ng pagpapayo, gamot, pabahay, mga serbisyong panlipunan, at iba pa. Ang isang plano sa CARE ay HINDI isang conservatorship, at ang mga lumalahok ay mayroon pa ring kakayahang ipahayag ang kanilang mga sariling gusto tungkol sa paggamot at gawin ang kanilang sariling mga desisyon tungkol sa paglahok sa programa, kung iinom ng gamot, at ibang mga bahagi ng pangangalaga sa kanila.

Sino ang Karapat-dapat Lumahok?

Ang layunin ng programang CARE ay tumulong sa mga nasa hustong gulang na nakakaranas ng **mga ispesipikong uri** ng matitindi, hindi ginagamot na mga sakit sa isip. Upang maging karapat-dapat sa programang CARE, ang mga kalahok ay **dapat** na:

- 18 taong gulang o mas matanda
- Nasuring may schizophrenia o ibang mga sakit sa isip
- Kasalukuyang nakakaranas ng mga kilos at sintomas na may kaugnayan sa matitinding sakit sa isip na iyon
- Hindi tumatanggap ng patuloy na boluntaryong paggamot

Upang matuto pa tungkol kung ang iyong mahal sa buhay ay karapat-dapat para sa programang CARE at upang magtanong pa, mangyaring bisitahin ang **dmh.lacounty.gov/care-court** o tumawag sa 1-800-854-7771. **Mangyaring mag-ukol ng panahon upang malaman ang tungkol sa pagiging karapat-dapat BAGO sumulong sa opisyal na proseso ng petisyon.**

Hindi lahat ay magiging kuwalipikado para sa programang CARE. Gayunman, ang LACDMH **ay nagkakaloob ng maraming karagdagang programa na makakatulong.**

Chief Executive Office.

CARECourt
LA County Caring Together

Paano ko Masisimulan ang Proseso ng CARE?

Ang proseso ay nagsisimula kapag ang isang miyembro ng pamilya, roommate, clinician, o ibang karapat-dapat na tao ay **nagharap ng isang petisyon na kaugnay ng CARE Act**. Ang isang hukom ay magpapasya kung ang posibleng kalahok ay nakakatugon sa mga pamantayan para sa programang CARE.

Kung ang kalahok ay tinanggap sa programang CARE para sa hanggang isang taon, ang kanilang pangkat ng CARE ay bubuo ng plano na magkakaloob ng mga serbisyong idinisenyo sa kanilang mga pangangailangan. Ang plano ay magkakaloob ng mga indibidwal na serbisyo hanggang isang taon, na maaaring palawigin ng isang taon kung pinili o kailangan. Ang mga pagdinig para sa pagsusuri ay itatakda pana-panahon upang tasahin ang progreso at tiyakin na ang mga serbisyo ay mabilis na ipinagkakaloob.

Anu-ano ang mga Karapatan ng mga Kalahok?

Ang programa ay istriktong boluntaryo. Ang hangarin ng CARE ay tumulong sa mga residente na makakuha ng suportang kailangan nila sa pinakamaluwag na paraang posible. Ito ay nagpoprotekta sa mga karapatan ng kalahok upang gumawa ng kanilang mga sariling desisyon, nagbibigay sa kanila ng libreng legal na pagkatawan at nagpapahintulot sa kanila na pumili ng isang tagasuportang makakatulong sa kanila na maglayag sa proseso. Ang mga kalahok ay hindi maaaring puwersahing lumahok sa mga serbisyong tinututulan nila (kabilang ang pag-inom ng gamot) at maaaring iwan ang programa kahit kailan. Walang mga parusang sibil o pangkrimen para sa pagpiling hindi lumahok sa proseso ng CARE.

Paano kung ang Isang Tao ay Hindi Kuwalipikado para sa CARE?

Kung ang isang taong kakilala mo ay nangangailangan ng tulong, maraming tagatulong upang panatilihin silang ligtas at suportahan ang kanilang kapakanan

Tumawag sa o i-text ang 988

para sa Suicide and Crisis Lifeline para sa mga problemang may kaugnayan sa kalusugan ng isip.

Tumawag sa 1-800-854-7771 (24/7 Help Line)

para sa mga pangkat ng pagtugon sa krisis sa field o mga tagatulong sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng LACDMH.

I-text ang "LA" sa 741741

upang kumonekta sa isang sinanay na tagapayo sa krisis upang tumanggap ng libreng suporta sa pamamagitan ng mensaheng text.

Ang mga karagdagang tagatulong at helpline ay makukuha sa LACDMH Get Help Now! Page sa **dmh.lacounty.gov/get-help-now**

Upang matuto pa tungkol sa CARE at ibang mga tagatulong upang tulungan ang mga taong may matitinding sakit sa isip, bisitahin ang dmh.lacounty.gov/care-court